# Kaagi

The Philippines and the First Circumnavigation

## MODYUL SA SARILING PAGKATUTO

### PARA SA MGA MAG-AARAL NG ARALING PANLIPUNAN 5

### Kasaysayan ng Pilipinas

Magandang araw mga mag-aaral!

Ang modyul na ito ay bahagi ng ilalabas na dokumentaryong **KAAGI: THE PHILIPPINES AND THE FIRST CIRCUMNAVIGATION** na inilabas ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, na tatalakay sa partisipasyon ng Pilipinas sa naganap na ekspedisyong Magellan-Elcano, ang unang sirkumnabigasyon sa mundo. Ang modyul na ito ay naglalayong mapalalim ang inyong pagkaunawa at pagkatuto mula sa inyong mapanonood na dokumentaryo sa pamamagitan ng mga gawaing nakalahad dito.

Ang modyul na ito ay sumusunod sa Gabay Pangkurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Araling Panlipunan 5 (Kasaysayan ng Pilipinas). Partikular na tinutugunan ng modyul na ito ang mga sumusunod na pamantayan:

## *PAMANTAYANG PANGNILALAMAN*

Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa konteksto ang bahaging ginampanan ng simbahan sa layunin at mga paraan ng pananakop ng Espanyol sa Pilipinas at ang epekto ng mga ito sa lipunan.

## *PAMANTAYAN SA PAGGANAP*

Nakapagpapahayag ng kritikal na pagsusuri at pagpapahalaga sa konteksto at dahilan ng kolonyalismong Espanyol at ang epekto ng mga paraang pananakop sa katutubong populasyon.

## *PAMANTAYAN SA PAGKATUTO*

1. Naipapaliwanag ang mga dahilan at layunin ng kolonyalismong Espanyol (AP5PKEIIa-2)

2. Naipapaliwanag ang mga dahilan at layunin ng kolonyalismong Espanyol (AP5PKEIIa-2)
   Nakabubuo ng timeline ng mga paglalakbay ng Espanyol sa Pilipinas hanggang sa pagkakatatag ng Maynila at mga unang engkwentro ng mga Espanyol at Pilipino (AP5PKEIIb-3)

Sa araling ito, inaasahan na matutuhan ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. Nasusuri ang mga mahahalagang salik sa pagsisimula ng paggagalugad at pagtuklas ng mga lupain ng mga bansang Kanluranin, kabilang ang Espanya;
2. Nasusuri ang mga mahahalagang pangyayaring naganap sa ekspedisyong Magellan-Elcano;
3. Naipaliliwanag ang naging pakikibahagi ng Pilipinas sa naganap na ekspedisyong ito; at
4. Nasusuri kung paano naipamalas ng ating mga ninuno ang kanilang pakiki-pagkapwa-tao sa mga dayuhang dumating sa kanilang lugar

## *SUBUKAN NATIN!*

**Panuto**: Basahin at suriin mo ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang salitang TAMA kung ang pahayag ay may katotohanan at MALI kung ito ay walang katotohanan.

__________ 1. Ang merkantilismo ay tumutukoy sa paniniwala na nasusukat ang yaman ng isang bansa batay sa dami ng ginto na mayroon ito.

__________ 2. Casi-casi ang tawag sa sanduguan na ginagamit ng mga pinuno ng bawat lugar upang bumuo ng mga alyansa

__________ 3. Si Lapulapu ang kinikilalang pinuno ng Sugbu (Cebu) noong dumating ang grupo nina Magellan.

__________ 4. Umabot hanggang sa mga isla ng Luzon at Mindoro ang naging ekspedisyon nina Ferdinand Magellan.

__________ 5. Si Ferdinand Magellan ay isinilang na isang Portuges.

__________ 6. Lima ang mga barko na ginamit sa ekspedisyong pinangunahan ni Ferdinand Magellan, ang Trinidad, Victoria, Concepcion, Santiago, at San Antonio.

__________ 7. May nagaganap na noon na uri ng diplomasya sa pagitan ng mga kah-arian at barangay dito sa Pilipinas at sa Timog-Silangang Asya noong panahong pre-kolonyal.

__________ 8. Pinangalanang Arkipelago ni San Ignacio ang mga isla nina Magellan nang makarating sila dito noong Marso 16, 1521.

## BALIKAN NATIN!

**Panuto**: Basahin nang mabuti ang bawat pahayag. Para sa iyong kasagutan, iaayos ang mga letra na matatagpuan sa ilalim na bahagi ng bawat pangungusap, pagkatapos ay isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel. Ang mga katanungan sa bawat bilang ay may kinalaman sa inyong nakaraang aralin.

_______________ 1. Nagsisilbing pinunong pang-espiritwal ng isang barangay noong panahong pre-kolonyal

**L B Y A A N A B**

_______________ 2. Pinakamaliit na yunit pulitikal ang ating kapuluan noong panahong pre-kolonyal

**R N A A B G Y A**

_______________ 3. Siya ang nagsisilbing tagapamalita ng mga bagong kautusan sa nabuo ng datu sa isang barangay

**H A M O U L K O A N**

_______________ 4. Siya ang nagsisilbing tagapamalita ng mga bagong kautusan sa nabuo ng datu sa isang barangay

**M A A W I T**

_______________ 5. Isang paniniwala ng ating mga ninunong Pilipino sa mga espiritu na naninirahan sa iba't ibang panig ng kapaligiran

**O N S I A M I M**

## IPAKILALA NATIN!

Suriin ang larawan. Pagkatapos nito ay sagutin ang tanong sa ibaba.



**The Essence of Goodwill (2020)** Teody Boylie R. Perez

Sa iyong palagay, ano ang nagaganap na pangyayari na ipinapakita ng larawan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## PAGPAPANOOD NG DOKUMENTARYO

Isang dokumentaryo ang inyong mapanonood na may pamagat na **KAAGI: THE PHILIPPINES AND THE FIRST CIRCUMNAVIGATION** ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, at tatalakay sa partisipasyon ng Pilipinas sa naganap na ekspedisyong Magellan-Elcano, ang unang sirkumnabigasyon sa mundo.

Bago ninyo panoorin ang dokumentaryo, ay basahin ninyo ang mga **PAMPROSESONG TANONG** upang magkaroon kayo ng gabay sa inyong mapanonood.

## MGA PAMPROSESONG TANONG

1. Batay sa na napanood na dokumentaryo, ano ang nagtulak sa mga Espanyol na maggalugad at tumuklas ng mga ibang lupain?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Paano ipinamalas ng mga ninuno natin ang kanilang pakikipagkapwa-tao sa mga dayuhang tulad nina Ferdinand Magellan

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Batay sa napanood na dokumentaryo, anu-ano ang mga bagong kaalaman na iyong natutuhan at napagtanto?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

## GAWIN NATIN!

**Gawain 1.1. Hanap-Salita!**

*Layunin:* ***Natutukoy ang mga mahahalagang konsepto tungkol sa aralin.***

*PANUTO: Alamin ang sagot sa mga tanong na nasa ibaba sa pamamagitan ng paghanap sa sagot sa krosword*

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Q | P | D | T | G | U | J | I | F | C | C | V | O | F | U |
| S | T | O | R | D | E | S | I | L | L | A | S | V | M | D |
| D | C | Q | R | F | X | N | P | R | U | D | T | F | A | G |
| C | V | S | A | T | G | A | R | F | O | F | F | C | U | M |
| A | B | X | S | G | U | W | H | I | R | T | G | B | G | L |
| W | T | V | D | H | I | G | I | V | Q | I | C | T | M | P |
| A | Y | H | F | J | J | D | A | S | A | U | X | Q | S | S |
| S | C | O | L | A | M | B | U | L | T | F | E | S | A | A |
| A | T | H | H | M | K | P | S | D | T | X | Z | H | C | C |
| M | Y | U | J | N | A | F | T | R | E | A | U | E | C | F |
| I | U | H | L | L | I | G | Q | U | F | M | W | T | U | H |
| L | I | L | U | C | O | H | D | O | A | D | R | V | L | J |
| Z | O | P | T | G | P | I | X | B | G | F | Q | H | O | R |
| X | A | M | Y | E | E | M | O | A | I | G | S | J | M | D |
| L | B | I | U | R | S | N | U | N | P | O | I | U | T | A |

**MGA TANONG:**

______________________ 1. Pulo sa Timog Leyte na pinagdausan ng Misa ng Pasko ng Muling Pagkabuhay noong Marso 31, 1521

______________________ 2. Ang Kasunduan sa ________________ ang nagtakda kung ano ang bahagi ng mundo na maaaring galugarin ng Portugal at Espanya

______________________ 3. Tinaguriang "spice island", ito ay mga pulo sa bahagi ng Indonesia na naging sentro ng kalakalan ng mga pampalasa sa daigdig

______________________ 4. Pinuno ng Mactan na namuno sa labanan laban sa pangkat ni Ferdinand Magellan

______________________ 5. Bansa kung saan isinilang si Ferdinand Magellan

______________________ 6. Pinuno ng Sugbu (Cebu) na siyang humarap sa pangkat ni Ferdinand Magellan nang sila ay magawi sa isla na ito

_________________ 7. Pinuno ng Sugbu (Cebu) na siyang humarap sa pangkat ni Ferdinand Magellan nang sila ay magawi sa isla na ito

_________________ 8. Siya ang nagsilbing interpreter ng pangkat nina Ferdinand Magellan na nakasama nila sa kanilang ekspedisyon


_________________ 9. Nagsilbing tagapagtala ng mga pangyayaring naganap sa ekspedisyong Magellan-Elcano hanggang sa kanilang pagbabalik sa Espanya.

_________________ 10. Pinuno ng Mazaua/Limasawa

**Gawain 1.2. Storyboard Map**

**Layunin:** Naipamamalas ang kakayahan sa pagtalunton sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari

**Panuto:** Nasa ibaba ang isang timeline, buuin ang kwento ng unang sirkumnabigasyon sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari mula sa pinakanauna hanggang sa pinakahuli. Isulat ang titik sa loob ng kahon.



A. Dinaanan ng mga naiwang Espanyol sa ekspedisyon ang baybayin ng Mindanao hanggang sa nagtungo na sila sa Moluccas

B. Ginanap ang isang Banal na Misa sa pulo ng Limasawa

C. Ipinag-utos ni Juan Carvalho na sunugin ang barkong Concepcion upang makabawas sa mga barko

D. Narating ng Armada de Maluko ang isla ng Homonhon sa Samar

E. Naganap ang Labanan sa Mactan sa pamumuno nina Lapulapu at Magellan

F. Nagpabinyag sina Rajah Humabon ng Cebu at ang kanyang asawa sa relihiyong Kristiyanismo

## TANDAAN NATIN!

1. Sa pananaw nating mga Pilipino, ang 1521 ay hindi discovery ng Pilipinas. Mayroon nang mayaman na kultura ang ating mga ninuno bago pa man dumating ang mga Espanyol.

2. Ang mga Pilipino ay makatao. Walang pinipiling lahi, kulay ng balat o paniniwala ang mga Pilipino. Ipinakita nila ito sa mga gutom na kasapi ng Armada de Maluko nang mapadpad sila sa Homonhon noong 1521.

3. Ang ating mga ninuno ay may kasarinlan. Kung manghihimasok ang mga dayuhan sa pamumuhay ng mga Pilipino, ituturing silang kalaban ng mga ninuno. Ipinakita natin ito sa tagumpay nina Lapulapu sa Mactan laban kina Magellan noong 1521.

4. Ang tagumpay at pakikipagkapwa-tao natin ay makikita sa nagpapatuloy na kabayanihan ng mga Pilipino mula noon hanggang ngayon na nakikita rin sa ginagawa ng mga Pilipino sa buong mundo sa panahon ng pandemya.

## IPAMALAS NATIN!

**Gawain 2: COMICS STRIP**

**Panuto:**

1. Mula sa inyong mga natutuhan sa pinanood na dokumentaryo, lumikha kayo ng isang comics strip na naglalaman ng mga mahahalagang pangyayari sa naganap na ekspedisyong Magellan-Elcano.

2. Sa isang bond paper / oslo paper ay hahatiin ito sa apat (4) na kahon na siyang pagguguhitan ninyo ng mga larawan. Mainam na maipakita ang mga ginuhit na yugto sa ekspedisyong Magellan-Elcano ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari, tulad nito:

3. Mainam na lagyan ito ng *dialogue* o usapan ng mga karakter na iguguhit sa bawat kahon. Mainam rin na lagyan ng kulay at disenyo ang gagawing comics strip.

Ang iyong ginawang comics strip ay mamarkahan batay sa sumusunod na rubrik:

| Pamantayan | Deskripsyon | Puntos | Nakuhang Puntos |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Wasto ang mga impormasyon. Gumamit ng iba't ibang sangguniian sa pagbuo ng nilalaman ng comic strip | **7** | |
| **Organisasyon ng mga ideya** | Maayos na nailahad ang mga ideya | **5** | |
| **Pagkamalikhain** | Maayos na nailahad ang mga ideya | **5** | |
| **Kabuuan** | Naipamalas nang malinis at maayos ang ginawang comics strip | **3** | |

## *MGA PAMPROSESONG TANONG*

1. Paano mo maipaliliwanag ang mensahe na nilalaman ng iyong ginawang comics strip?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Anu-ano ang mga isinaalang-alang mo sa pagpili ng mga ilalagay mo sa iyong ginawang comics strip?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ito ay tumutukoy sa paniniwala na ang yaman ng isang bansa ay nakabatay sa dami ng imbak na ginto nito

   A. Merkantilismo
   B. Pragmatismo
   C. Realismo
   D. Komunismo

2. Kasama siya ni Magellan sa paglalayag at naging mahalaga ang kanyang tungkulin sapagkat siya ang nagsusulat ng mga naging karanasan nila sa paglalayag.

   A. Enrique ng Malacca
   B. Pedro de Valderrama
   C. Andres de Urdaneta
   D. Antonio Pigafetta

3. Siya ang pinuno ng Sugbu, at sa pagdating ng mga Espanyol, ay pumayag siya na magpabinyag sa kanilang relihiyong Kristiyanismo.

   A. Rajah Soliman
   B. Lakandula
   C. Rajah Tupas
   D. Rajah Humabon

4. Pinuno ng Mactan na nakilala dahil pinangunahan at nalupig nila ang mga Espanyol na nagnanais na talunin ang kanilang hukbo

   A. Lapulapu
   B. Rajah Siagu
   C. Rajah Kolambu
   D. Rajah Mata

5. Noong Marso 31, 1521 ay nagdaos ng Banal na Misa ang pangkat nina Magellan sa pangunguna ni Padre Pedro de Valderrama sa isang isla sa Pilipinas. Saan ito?

   A. Cebu
   B. Mactan
   C. Limasawa
   D. Homonhon

6. Noong Panahon ng Paggagalugad, naglunsad ang maraming mga bansa sa Europa ng kani-kanyang ekspedisyon upang tumuklas ng mga lupain sa iba't ibang kadahilanan. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay rito?

   A. Dala ng pagnanais nilang tuluyang masugpo ang Islam na noon ay lumalaganap na sa buong Europa
   B. Dala ng pagnanais nilang maipalaganap sa mga masasakop na bansa ang paniniwalang komunismo
   C. Dala ng pagnanais nilang makabuo ng isang pamahalaang demokratiko sa mga kolonya nila
   D. Dala ng pagnanais nilang mahigitan ang ibang bansa sa dami ng kanilang magiging kolonya

7. Nagtagumpay si Ferdinand Magellan sa kanyang hangarin na mapasailalim ang Pilipinas sa kapangyarihan ng kaharian ng Espanya. Tama o Mali?
    A. Tama, dahil siya ang unang Europeo na nakarating sa Pilipinas
    B. Mali, dahil siya ay isang Portuges, at hindi siya maaaring maglingkod sa Hari ng Espanya
    C. Tama, dahil pumayag si Rajah Kolambu na makipagkaibigan sa kanila sa pamamagitan ng sanduguan
    D. Mali, sapagkat hindi siya nakapagtayo ng isang pamahalaang aangkin sa Pilipinas sa ngalan ng Espanya

8. Kailan magsisimulang angkinin ng Espanya ang Pilipinas bilang kanyang kolonya, at mapasailalim ang mga sinaunang Pilipino sa pamamahala at pananakop ng mga Espanyol?
    A. Noong araw na dumaong ang pangkat ni Ferdinand Magellan sa Pilipinas
    B. Noong pumayag sina Sikatuna na makipagsanduguan kay Legazpi bilang pakikipagkaibigan
    C. Noong isinailalim ni Miguel Lopez de Lagazpi ang Cebu bilang kolonya ng Espanya
    D. Noong itinanghal ni Legazpi ang Maynila bilang kabisera ng buong Pilipinas sa ngalan ng Espanya